
# New York:
## Sentro ng mga Makasaysayang Lugar ng Simbahan

Ang Palmyra at Fayette, New York, USA, ay pinangyarihan ng maraming sagradong pangyayari sa Pagpapanumbalik. Ang pangangalaga sa mga sagradong lugar na ito ay pagbubunyi sa pangako ng mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang panig ng mundo na itatag ang kaharian ng Diyos sa ating panahon.

MAPA NI MARK WATKINSON; MGA DROWING NG PUNO AT PUNLA MULA SA GETTY IMAGES; LARAWAN NG SAGRADONG KAKAHUYAN NA KUHA NI TROY CORBETT;
LARAWAN NG TAHANAN NG MGA SMITH NA KUHA NI JUDITH ANN BECK; LARAWAN NG TAHANAN NG MGA WHITMER NA KUHA NI D. BRENT WALTON





### SAGRADONG KAKAHUYAN

1820: Naranasan ni Joseph Smith ang **Unang Pangitain.**

**200 hanggang 350 taong gulang:** edad ng mga puno sa lupain nang bilhin ng mga Smith ang kanilang sakahan.

Mga uri ng mga **puno:** karamihan ay mga maple, beech, hop hornbeam, at wild cherry; ang iba pa ay ash, oak, hickory, at elm.




### SAKAHAN NG PAMILYA NI JOSEPH SMITH

**1819:** Lumipat sina Joseph Smith Sr., Lucy Mack Smith, at 8 anak sa isang maliit na bahay na yari sa troso.

**40.5 ektarya:** sukat ng sakahan, mga 2 milya (3 km) sa timog ng Palmyra.

Two-thirds: sukat ng **sakahang hinawan** ng pamilya Smith para pagpastulan at pagtaniman ng trigo, mais, bins, at para sa malaking halaman.

1823: **Nagpakita si Moroni kay Joseph Smith** sa bahay sa bukid.

1907: binili ng Simbahan ang lugar, pati na ang Sagradong Kakahuyan.

Ang tahanan ang lugar kung saan **dinalaw ni Moroni si Joseph.** Ang replika ay itinayo noong 1998.



### SAKAHAN NG PAMILYA WHITMER

**40.5 ektarya:** sukat ng lupain na pag-aari nina Peter at Mary Whitmer para sa kanilang sakahan sa Fayette, New York.

25 milya (40 km): distansiya mula sa Palmyra.

1829: Tinapos ni Joseph Smith ang **pagsasalin ng Aklat ni Mormon.**

David Whitmer: isa sa **Tatlong Saksi,** na nakakita kay Moroni at sa mga laminang ginto sa kakahuyan na nasa sakahan.

Abril 6, 1830: **Opisyal na itinatag ang Simbahan.**

1980: nagtayo ang Simbahan ng isang **tahanang yari sa troso** at visitor's center.



### BUROL NG CUMORAH

1827: Kinuha ni Joseph ang **mga laminang ginto** at Urim at Tummim ayon sa mga tagubilin ng anghel na si Moroni.

**Tatlong milya** (4.8 km): ang distansya sa pagitan ng sakahan ng pamilya Smith at ng Burol ng Cumorah.

3,000: bilang ng **mga punla** mula sa labas na bahagi ng Sagradong Kakahuyan na itinanim sa Cumorah noong dekada ng 1930.

1937: Pinasimulan ang **Hill Cumorah Pageant** at pinanonood ito ng libu-libong bisita kada taon.